Republic of the Philippines
**Department of Education**
Region IV-A
SCHOOLS DIVISION OF QUEZON PROVINCE

DEPED QUEZON
ICT UNIT
UPLOADED
Date/Time: OCT 16 2023
By: Christell 10:20 AM
Ref. No. DA 109, s 2023

**DIVISION ADVISORY NO. 109, s. 2023**
October 6, 2023

In compliance with DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013,
this advisory is issued not for endorsement as per DO 28, s. 2001,
but not only for the information of DepED officials,
personnel/staff, and the concerned public.

**PANAWAGAN SA PAPEL: IKA-47 PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA SIKOLOHIYANG PILIPINO AT IKALAWANG PAMBANSANG KUMPERENSIYA SA GINHAWA NA MAY TEMANG "MGA LANDASIN TUNGO SA PAGSASABUHAY NG GINHAWA"**

In reference to the invitation of National Association for Sikolohiyang Pilipino, Inc. (Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino re: "ika -47 Pambansang Kumperensya sa Sikolohiyang Katambal ang Ikalawang Pambansang Kumperensiya sa Ginhawa na may Temang "Mga Landasin Tungo sa Pagsasabuhay ng Ginhawa on November 23-24, 2023 via Zoom., this Advisory is issued for the information of all concerned:

Kindly refer to the attached communication for more information and details.

Please be guided accordingly.

*cidimsfts/10/06/2023*

DEPEDQUEZON-TM-SDS-04-011-003


**Address:** Sitio Fori, Brgy. Talipan, Pagbilao, Quezon
**Trunkline #:** (042) 784-0366, (042) 784-0164, (042) 784-0391, (042) 784-0321
**Email Address:** quezon@deped.gov.ph
**Website:** www.depedquezon.com.ph

DepED

DepEd Quezon <quezon@deped.gov.ph>

# Panawagan sa Papel: Ika-47 Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino at Ikalawang Pambansang Kumperensiya sa Ginhawa na may temang "Mga Landasin Tungo sa Pagsasabuhay ng Ginhawa"

1 message

**PSSP** <pssponline@gmail.com> Fri, Sep 29, 2023 at 9:45 AM
Bcc: psspaktibidad@googlegroups.com

DepEd Quezon
DEPED QUEZON
ICT UNIT
DOWNLOADED
Date/Time: SEP 29 2023
By: 1:04 pm
Ref. No.

**Mga Landasin Tungo sa Pagsasabuhay ng Ginhawa**
**23-24 Nobyembre 2023**
**via Zoom**

Indibidwal na Paglalahad: **https://bit.ly/pksp47papel**
Panel o Symposium: **https://bit.ly/pksp47panel**
Dedlayn: **20 Oktubre 2023**

Taon-taon, nagtataguyod ng Pambansang Kumperensiya ang National Association for Sikolohiyang Pilipino, Inc. (Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino), isang panlipunan at propesyonal organisasyong may misyong palaganapin ang Sikolohiyang Pilipino (SP) sa iba't ibang sektor ng lipunan bilang isang inter-disiplinaryo at maka-Pilipinong pananaw at pamamaraan. Komprehensibong tinatalakay sa mga pambansang kumperensiya ang isang piling tema. Ngayong taon, isasagawa ng PSSP katuwang ang UP Diliman Psychosocial Services (UPD PsycServ) ang Ika-47 Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang katambal ang Ikalawang Pambansang Kumperensiya sa Ginhawa na may temang "Mga Landasin Tungo sa Pagsasabuhay ng Ginhawa."

Dalawang taon na ang nakalipas nang idaos noong 2021 ang kauna-unahang kumperensiya sa ginhawa na naglayong palalimin ang ating pag-unawa at karanasan ng ginhawa lalo na't nasa gitna tayo ng pandemya noong panahong iyon. Nakamit ng unang kumperensiya ang layuning pagtipunin ang mga mananaliksik at tagapagbigay ginhawa sa isang espasyong ligtas at bukas, at may pagpapahalaga sa iba't ibang pananaw at karanasan.

Mula sa pagsasama ng mga mananaliksik at tagapagbigay ng ginhawa para pag-usapan ang mga panimulang lapit, teorya at pamamaraan sa pagpapadaloy ng ginhawa sa Ika-47 Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang, ang Ikalawang Pambansang Kumperensiya sa Ginhawa ay magpopokus sa pagdanas nito sa buhay nating mga nasa larangan ng pag-aaral ng tao at lipunan, upang ang ginhawa ay hindi lamang manatiling teoretikal na usapin, ngunit isang realidad na naisasabuhay.

*Mga Layunin ng Kumperensiya*

Matapos ang magkasamang kumperensiyang ito, inaasahang ang mga kalahok ay:

1. Magkaroon ng dagdag na kaalaman at kabatiran ang mga kalahok tungkol sa lugar ng ginhawa sa kanilang mga personal at propesyonal na tahakin;

2. Makapagbulay tungkol sa mga aral at best practices ng nakaraang tatlong taon ng pandemiya, na mabuting ipagpatuloy, palaganapin, at pagtibayin;


3. Makapaglinang ng mga pamamaraan ng pangangalaga sa sariling ginhawa;

4. Magkaroon ng pakikipag-ugnayan sa kalipunan o network ng mga kapwa iskolar, propesyonal, at mga tagapagtaguyod ng ginhawa;

5. Magtampok ng mga bagong pananaliksik sa kultura, lipunan at sikolohiyang Pilipino; at

6. Magbahagi ng mga kaalaman at kasanayan sa Sikolohiyang Pilipino.

Inaanyayahan ang lahat ng may pananaliksik na kaugnay ng paksa na magsumite ng kanilang abstrak. Tatanggapin din ang mga pag-aaral tungkol sa mga kultural na konseptong sikolohikal, identidad, pagpapahalagang Pilipino, wika, sikolohiya ng LGBT, pakikipag-ugnayan, migrasyon, isyung panlipunan, atbp. na makakatulong sa pag-unawa ng karanasan ng mga Pilipino. Ang mga papel ay maaaring kwantitatibo, kwalitatibo, teoretikal, o rebyu.




--

**Tungo sa isang malaya at mapagpalayang sikolohiya.**

**Secretariat**
**Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino**
***(National Association for Sikolohiyang Pilipino, Inc.)***
PRC CPD Accreditation Number: **2018-029**
NCCA CSO Accreditation Number: **2022-CSO029**
Adres ng Opisina: **4A Alcal Building 285 Katipunan Avenue, Loyola Heights, Lungsod Quezon**
Araw at Oras ng Opisina: **Lunes - Biyernes; 10:00 n.u. - 7:00 n.g.**
Telephone: **(02) 8361-9260** | Mobile: **(0922) 875-1440**
E-mail: **pssponline@gmail.com** / **secretariat@pssp.org.ph**
Website: **http://www.pssp.org.ph/**
Diwa E-Journal: **https://www.pssp.org.ph/diwa**
Facebook/Instagram/Twitter/YouTube: **pssponline**
Online Membership Form: **http://bit.ly/psspmembershipform**
Listahan ng mga Kasapi: **http://www.pssp.org.ph/pamunuan-at-kasapian/mga-kasapi/**

--

You received this message because you are subscribed to the Google Groups "PSSP Aktibidad" group.
To unsubscribe from this group and stop receiving emails from it, send an email to psspaktibidad+unsubscribe@googlegroups.com.
To view this discussion on the web visit https://groups.google.com/d/msgid/psspaktibidad/CANEJ4u3B%3DAW8xvE7OsRHbre30H_a-_65siQDggmo7oAR2zGPbQ%40mail.gmail.com.
For more options, visit https://groups.google.com/d/optout.